# *Pagsusuri ng Child Find*

## Nag-aalala ba kayo sa pag-unlad ng inyong anak/alaga?

- Mayroon bang karamdaman o depekto mula sa pagsilang ang inyong anak/alaga na humahadlang sa kanyang pag-unlad?
- Mukha bang may problema sa pandinig o paningin ang inyong anak/alaga?
- Nahihirapan ba ang inyong anak/alaga sa pakikipag-ugnayan sa mga taong hindi kapamilya?
- Nahihirapan ba ang inyong anak/alaga na makipagsabayan sa ibang bata na ka-edad niya?
- Mayroon bang mga problema sa pagkatuto ang inyong anak/alaga sa tuwing nakakaranas siya ng mga kahirapan sa pakikipag-ugnayan at emosyon?

**Ang pamilya o tagapag-alaga ng sinumang bata, mula bagong panganak hanggang sa edad na limang taong gulang, na nais makatanggap ng karagdagang impormasyon tungkol sa pag-unlad ng kanilang anak/alaga ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang lokal na distrito para makatanggap ng libreng Pagsusuri ng Child Find.**

## Ano ang nangyayari sa Pagsusuri ng Child Find?

Ang layunin ng Pagsusuri ng Child Find ay para tukuyin ang mga problemang maaaring makaapekto sa pag-aaral, paglaki, at pag-unlad ng inyong anak/alaga at para matulungan ang mga magulang na matukoy ang mga kalakasan at kahinaan ng kanilang anak.

Sa panahon ng pagsusuri, ang inyong anak/alaga ay maaaring magpatong-patong ng maliliit na bloke, gumupit gamit ang gunting, gumuhit, magbilang, pangalanan ang mga kulay, tumalon, at magsaya!

Pagkatapos ng pagsusuri, mayroong kakausap sa inyo tungkol sa mga resulta at maaaring bigyan kayo ng mga rekomendasyon, isang referral para sa karagdagang pagsusuri, o iskedyul para suriin muli ang mga kasanayan sa hinaharap. Magkakaroon kayo ng pagkakataong magtanong tungkol sa pag-unlad ng inyong anak/alaga. Ang buong proseso ay inaabot ng mahigit-kumulang 45 minuto!

## Saan ako maaaring pumunta para sa pagsusuri?


Lahat ng distrito ng paaralan sa Estado ng Washington ay may handang mga Pagsusuri ng Child Find.

Para sa karagdagang impormasyon at para magpa-iskedyul ng pagsusuri sa inyong distrito ng paaralan, mangyaring makipag-ugnayan kay:

Pangalan
Distrito ng Paaralan
Linya ng Address 1
Linya ng Address 2
Numero ng Telepono
Email

**Kung pansamantala ang kasalukuyang tinitirahan ng inyong pamilya, maaari kayong makipag-ugnayan sa distrito kung saan kayo kasalukuyang naninirahan para sa isang pagsusuri.**

WAC 392-172A-02040 - Magsasagawa ang mga distrito ng paaralan ng mga aktibidad ng child find na nilalayong maabot ang lahat ng mag-aaral na may pinaghihinalaang kapansanan, para sa layunin ng paghahanap, pagsusuri, at pagtutukoy ng mga mag-aaral na nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo, gaano man kalubha ang kanilang kapansanan.



This Photo by Unknown Author is licensed under CC BY-NC-ND

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION